CITY OF LONG BEACH

# PRESS RELEASE

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Hulyo 16, 2020
Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

## Inanunsyo ng Lungsod ng Long Beach ang mga Pagbabago sa mga Lugar at Oras ng Pagsusuri upang Mapalakas ang Kapasidad para sa Pagsusuri ng COVID-19

***Pinapayagan ng kapasidad ang higit sa 1,400 na pagsusuri bawat araw***

Long Beach, CA - Ang Lungsod ng Long Beach ay gumawa ng pagbabago sa mga oras ng operasyon ng mga lugar ng pagsusuri na pinatatakbo ng Lungsod para sa COVID-19 epektibo Hulyo 15.

“Ang pagsusuri ay kritikal sa pag-iwas ng pagkalat ng COVID-19,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Patuloy ang Long Beach na magaalok ng libreng pagsusuri para sa mga residente sa mga panahong ito, at hinihiling sa lahat na gawin ang kanilang bahagi upang mapanatiling ligtas ang kanilang sarili, kanilang pamilya, ang komunidad at lalo na ang ating mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan.”

Ang mga bagong oras ng pagsusuri ay magbibigay-daan sa Lungsod, kasama ang lugar sa Jordan Plus High School na pinatatakbo ng Estado, ng isang kapasidad na higit sa 1,400 bawat araw (pataas mula sa 1,000)—ang pinakamatatag na kapasidad ng pagsusuri kailanman para sa Lungsod at halos doble ng kinakailangan ng Estado.

Ang mga sumusunod na lugar ng pagsusuri na pinapatakbo ng Lungsod ay magagamit:

- Long Beach City College Pacific Coast Campus (1305 E. Pacific Coast Hwy.), 10 a.m. hanggang 1 p.m. tuwing Lunes hanggang Biyernes.
- Long Beach City College Veterans Memorial Stadium (5000 E. Lew Davis St.), 10 a.m. hanggang 1 p.m. at 3 p.m. hanggang 5 p.m. tuwing Lunes hanggang Biyernes.
- Cabrillo High School (2001 Santa Fe Ave.), 10 a.m. hanggang 1 p.m. at 3 p.m hanggang 5 p.m. tuwing Sabado at Linggo.

Ang mga oras ng sumusunod na lugar ng pagsusuri ay walang pagbabago:

- Jordan Plus High School (171 W. Bort St.), na nagbibigay ng pagsusuri para sa mga indibidwal na nagpapakita ng sintomas at mga mahahalagang manggagawa, mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., tuwing Lunes hanggang Biyernes. Ang mga non-vehicle-bases na pagsusuri ay magagamit sa Jordan Plus.

Ang Rapid Assessment Clinic sa Long Beach City College Pacific Coast Campus (1305 E. Pacific Coast Hwy.) ay magpapatuloy na magbigay ng non-vehicle-based na pagsusuri para sa mga pasyente na nagpapakita ng sintomas, at limitadong pangangalagang pangkalusugan, mula 10 a.m. hanggang 2 p.m. tuwing Lunes hanggang Biyernes. Ang mga indibidwal na simtomatiko na hindi makakuha ng pagsusuri ay maaari ring bumisita sa site para sa libreng medikal na assessment. Magagamit lamang ang mga walk-up na appointment sa Rapid Assessment Clinic para sa mga indibidwal na simtomatiko. Ang ibang mga lugar ng pagsusuri ay sa pamamagitan ng appointment lamang.

Habang ang lugar ng pagsusuri na matatagpuan sa Jordan High School ay isinara, ang kapasidad ng pagsusuri ay lumipat sa iba pang mga umiiral na lokasyon.

Patuloy na magagamit ang mga mobile na pagsusuri para sa mga indibidwal na hindi makaalis ng kanilang mga tirahan para sa iba't ibang kadahilanan, tulad ng mga isyu sa pagkilos o mga may dati nang kondisyon sa kalusugan. Ang mga mobile testing ay maaaring gawin sa mga tirahan o pasilidad  tulad ng mga sober living, skilled nursing na pasilidad at ibang congregate na pasilidad. Upang manghiling ng mobile na pagsusuri, kumpletuhin ang papeles na makikita dito o tumawag sa Info Line ng Pampublikong Kalusugan sa (562) 570-4636 (8 a.m. to 5 p.m.). Ang mobile testing ay umaandar Lunes hanggang Biyernes.

Ang mga appointment ay maaaring iskedyul online o sa pamamagitan ng pagtawag sa 562.570.INFO (4636). Ang libreng pagsusuri ay inaalok sa lahat ng mga residente ng Long Beach, Signal Hill, Lakewood, Paramount at Compton. Ang mga oras ng slot para sa appointment ay maaaring gawin ng hanggang tatlong araw nang maaga.

Ang Lungsod ay mananatiling nakatuon sa pagbibigay ng mga pagsusuri sa lahat ng mga residente ng Long Beach. Sa ngayon, ang Long Beach ay nagsagawa ng higit sa 103,000 COVID-19 na pagsusuri sa pamamagitan ng mga site na pinatatakbo ng Lungsod, mga site na pinatatakbo ng Estado at mga pribadong lab. Bilang karagdagan

sa mga opsyon sa pampublikong pagsusuri, ang mga indibidwal ay maaaring makatanggap ng pagsusuri sa COVID-19 sa pamamagitan ng kanilang healthcare provider. Ang mga kaso ng COVID-19 ay may bilang ng 6,252 sa Long Beach, at 157 katao ang namatay mula sa birus.

Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###